タガログ語

# Para sa mga Technical Intern na Nais Mag-apply para sa Pag-apruba ng Refugee Status

Pebrero 2018

Immigration Bureau, Ministry of Justice

Sa dating pamamalakad ng Ministry of Justice, kapag nag-apply para sa pag-apruba ng refugee status ang isang dayuhan na legal na maninirahan sa Japan, sa patakaran, pinahihintulutan ang pagtatrabaho pagkalipas ng 6 na buwan mula nang mag-apply, subalit noong ika-15 ng Enero ng kasalukuyang taon, muling sinuri ang pamamalakad ukol sa pagkakaloob ng status of residence sa mga nag-apply para sa pag-apruba ng refugee status.

Bilang detalye nito, sa kaso ng isang technical intern, kapag nag-apply para sa pag-apruba ng refugee status pagkatapos tumakas mula sa lugar kung saan nagsasanay, o kaya ay pagkatapos kumpletuhin ang pagsasanay bilang technical intern, bilang patakaran, hindi pahihintulutan ang pagtatrabaho kahit lumipas ang 6 na buwan mula nang mag-apply.

(Paalala 1) Maaaring mag-apply para sa pag-apruba ng refugee status habang ipinagpapatuloy ang pagsasanay bilang technical intern.

(Paalala 2) Kung malaki/mataas ang posibilidad na ang aplikante ay isang refugee ayon sa Convention Relating to the Status of Refugees, o kaya ay ayon sa sitwasyon ng bansa atbp., para lamang sa kasong mataas ang posibilidad na kailangan ng konsiderasyon bilang tao, papahintulutan ang pagtatrabaho.

Bilang karagdagan, kung sa tingin na may gawaing labag sa Batas ukol sa Technical Internship sa lugar kung saan nagsasanay bilang technical intern, o kaya ay may gustong ikonsulta tulad ng mga pag-aalala tungkol sa pagpapatuloy ng pagsasanay bilang technical intern atbp., kumonsulta lamang sa Organization for Technical Intern Training (tingnan ang ibaba na nilalaman ng pahina 64 ng "Technical Intern Notebook").